



## ***SBCS – Lungsod ng Chula Vista***

### **Programang Pang-emergency na Tulong sa Pag-upa dahil sa COVID-19**

### **(COVID-19 Emergency Rental Assistance Program) (ERAP)**

---

## **Mga Madalas Itanong (FAQ)**

#### **1) Ano ang 2021 Programang Pang-emergency na Tulong sa Pag-upa (ERAP)?**

The SBCS – Tumutulong ang Programang Pang-emergency ng Tulong sa Pag-upa ng Lungsod ng Chula Vista (ERAP) sa mga karapat-dapat na sambahayan na pinansyal na naapektuhan sa panahon ng pandemya ng COVID-19. Nagbibigay ang programa ng tulong sa pagbabayad para sa mga umuupa na nangangailangan ng tulong sa upa at mga utility.

#### **2) Paano ko malalaman kung karapat-dapat ako?**

Kwalipikado ka para sa programa kung maipapakita mo sa pamamagitan ng mga pansuportang dokumento na tumutugon ka sa mga sumusunod:

- Isang kasalukuyang nangungupahan ng tirahan na matatagpuan sa Chula Vista (halimbawa, mga apartment, unit na nakahiwalay sa bahay na nasa iisang lupa (accessory dwelling unit), condo, bahay na pang-isahang pamilya, gawa sa treyler na bahay na umuupa ng espasyo, umuupa ng kuwarto); at
- Ikaw o isang miyembro ng iyong sambahayan ay nakaranas ng pagbaba sa kita o pagtaas ng mga gastusin sa panahon ng pandemya ng COVID-19 (halimbawa, nawalan ng trabaho, nabawasan ang oras, mga gastos sa medical, mga gastos para sa pagpapa-alaga ng bata, atbp.) O kasalukuyang walang trabaho sa loob ng 90 na araw o higit pa; at
- Nanganganib kang mawalan ng tirahan O namumuhay sa hindi pirming pabahay na patutunayan ng mga sumusunod:
  - Abiso ng pagpapalayas
  - Abiso ng lagpas na sa panahon ng pagbabayad ng upa
  - Abiso ng lagpas na sa panahon ng pagbabayad ng utility
  - Anumang iba pang katibayan ng hindi ligtas o hindi malusog na kalagayan sa pamumuhay o kawalan ng katiyakan sa pabahay;at,

- Ang iyong kabuuang taunang kita noong 2020 o batay sa iyong kabuuang buwan-buwang kita sa nakalipas na 30 araw para sa lahat ng miyembro ng iyong sambahayan ay mas mababa kaysa sa sumusunod:

Laki ng Sambahayan (Household Size)	1	2	3	4	5	6
80% AMI *	\$ 67,900	\$ 77,600	\$ 87,300	\$ 97,000	\$ 104,800	\$ 112,550

\*Ang mga limitasyon sa kita ng San Diego ay epektibo mula Abril 1, 2021

### 3) **Anong mga lugar ang sakop ng ERAP?**

Paglilingkuran ng SBCS ang mga indibidwal at pamilya na nasa loob lang ng Lungsod ng Chula Vista. Ang mga residente sa Lalawigan ng San Diego na nasa labas ng Lungsod ng Chula Vista ay dapat bisitahin ang [ERAPSanDiego.org](http://ERAPSanDiego.org) para kumonekta sa iba pang available na mga programang tulong sa pag-upa.

Pinaglingkurang Mga Zip Code ng Chula Vista: 91902\*, 91910\*, 91911, 91913, 91914, 91915

*\*Ang mga bahagi ng zip code na 91902 at 91910 ay nabibilang sa labas ng Lungsod ng Chula Vista. Kung hindi sigurado, mangyaring sumangguni sa [ERAPSanDiego.org](http://ERAPSanDiego.org) para matukoy kung aling awtoridad nabibilang ang iyong address.*

### 4) **Paano magsumite ng aplikasyon para sa ERAP?**

Maaari kang magsumite ng aplikasyon sa [online](#). Magiging available ang aplikasyon sa Ingles, Espanyol, at Tagalog. Kung wala kang access sa internet at/o nangangailangan ng tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon, tumawag sa (619) 271-1805 para kumonekta sa isang associate ng SBCS na makakatulong sa iyo. Available din ang mga associate ng SBCS para mag-iskedyul ng mga appointment para sa personal na tulong kung kinakailangan.

### 5) **Mayroong maraming nasa hustong gulang ang naninirahan sa aking sambahayan.**

**Sino ang dapat magsumite ng aplikasyon?** Sinumang nasa hustong gulang na nakalista sa kasunduan sa pag-upa/pag-renta ay maaaring isumite ang aplikasyon para sa tulong sa pag-upa sa ngalan ng sambahayan. Dapat magsumite ng isang aplikasyon lang ang iyong sambahayan. Kailangang maipakita ng impormasyong ibibigay sa iyong aplikasyon ang mga sitwasyon nang lahat ng tao sa iyong sambahayan.

### 6) **Kailangan ko ba ng email address para mag-apply? Paano kung wala akong email address?**

Kinakailangan ng wastong email address para magsumite ng online na aplikasyon. Kung wala ka nito, maaari kang gumawa nito para makumpleto ang aplikasyon. Ang mga sumusunod ay mga walang bayad na tagabigay ng email:

- Gmail
- Yahoo
- Microsoft Outlook

Kung nagkakaroon ka ng problema sa isang email address at pagkumpleto ng aplikasyon, maaari kang tumawag sa (619) 271-1805 para matulungan ka ng isang associate sa online na aplikasyon.

**7) Ano ang dapat kong gawin kung nagkakaroon ako ng problema sa pag-log in o pag-apply sa online?**

Unang Hakbang: Kailangan mong gumawa ng account para mag-apply. Kinakailangan ng email address.

Pangalawang Hakbang: Kumpirmahin ang iyong nakarehistrong email address bago ka mag-log in para kumpletuhin ang iyong aplikasyon. Para kumpirmahin ang iyong email address, mangyaring tingnan ang iyong email at mag-click sa link sa natanggap mong mensahe sa email tungkol sa pagpaparehistro para makumpirma.

*Tandaan: Kung hindi mo mahanap ang email na ipinadala sa iyo para sa pagpaparehistro, mangyaring tingnan ang iyong junk o spam na folder. Kung hindi mo pa rin mahanap ang email ng pagpaparehistro, i-click ang link na "Resend Email Confirmation" (Muling Ipadala ang Email ng Kumpirmasyon) sa page sa pag-log in.*

Pangatlong Hakbang: Mag-log in at kumpletuhin ang iyong online na aplikasyon.

*Tandaan: Kung matagumpay mong nakumpirma ang iyong email address, ngunit hindi pa rin maka-log in, piliin ang link na "Nakalimutan ang password mo?" sa page sa pag-log in. Tingnan ang iyong email at mag-click sa link sa ipinadala sa iyong mensahe sa email para magbukas ang webpage upang makagawa ka ng iyong bagong password para mag-log in.*

**8) Ano-ano ang mga katanggap-tanggap na paraan ng pagpapatunay na dapat isumite kasama ng aking aplikasyon?**

- Kailangan mong magsumite ng kopya ng ID na inisyu ng gobyerno o ibang ID na may larawan.
- Ang pagpapatunay ng paninirahan tulad ng kasunduan sa pag-upa o sulat mula sa landlord kung walang kasunduan sa pag-upa
  - Kung may ibinigay mang kasunduan o sulat, kasama dapat sa dokumento ang mga pangalan ng lahat ng nangungupahan, ang address, lahat ng singil at bayarin, mga petsa ng termino, at dapat parehong pinirmahan ng (mga) nangungupahan at landlord.
- Pagpapatunay na nagpapakita ng pahirap sa gastos sa pabahay, hindi pirming pabahay, o panganib na maranasang mawalan ng bahay, tulad ng: singil para sa lagpas na sa panahon ng pagbabayad ng renta o utility, abiso ng pagpapalayas, o sulat mula sa landlord na nagdedetalye ng lagpas na sa panahon ng pagbabayad ng renta.
  - Tandaan: kailangang isama ang patunay ng utang sa renta para makatanggap ng tulong sa pag-upa. Maaaring itong magsama ng nakalistang ledger ng renta o sulat mula sa landlord na nagpapakita ng mga halagang inutang na inilista ayon sa buwan.
  - Kung nag-aapply lang para sa pagbayad ng upa sa hinaharap, tatanggapin ang isang pinirmahang sulat na nagdedetalye ng pahirap ng gastos sa pabahay
    - Maaaring ipakita ang pahirap ng gastos sa pabahay sa pamamagitan ng higit sa 1/3 nang kabuuang kita ay napupunta sa pabahay, kamakailang nahuli o hindi

nabayaranang mga pagbabayad, o kawalan ng katiyakan tungkol sa kakayahang bayaran ang mga gastos sa pabahay

- Pagpapatunay sa kita, alinman sa:
  - Patunay ng pagpapatala sa o pagiging karapat-dapat para sa MediCal, CalWorks, SNAP, TANF, CalFresh o iba pang mga programa para sa benepisyo ng publiko na nakabatay sa kita; o
  - Pinagsamang kabuuang taunang kita ng sambahayan sa 2020; o
    - halimbawa, Pinirmahan at isinumiteng Form 1040 para sa lahat ng miyembro ng sambahayan, o lahat ng mga W-2, 1099, at iba pang mga patunay ng taunang kita kung saan ipinapakita ang lahat ng kita sa 2020
  - Kasalukuyang kabuuang buwanang pinagsamang kita ng samabahayan, na may petsang hindi lalampas ng 60 araw bago ang petsa ng aplikasyon, at katumbas ng isang buong buwan na kita para sa lahat ng miyembro ng sambahayan
    - halimbawa, mga pay stub para sa lahat ng nagtatrabahong miyembro ng sambahayan (2 bawat kumikita kung binabayaran nang dalawang beses sa isang buwan), lingguhang abiso ng mga benepisyo para sa kawalan ng trabaho, sulat ng pagkakaloob ng 2021 SSI, suporta sa anak

**9) Kailangan ko bang magbigay ng mga dokumentong pangsuporta kasama ng aking aplikasyon?**

Ipoproseso ang mga aplikasyon batay sa basehang kung sino ang nauna, siya ang unang paglilingkuran, at ituturing lang na kumpleto ang isang aplikasyon kapag natanggap na ang lahat ng dokumento. Bagaman opsyonal ang ibigay ang lahat ng iyong dokumento sa oras ng aplikasyon, lubos na hinihimok na maibigay ang mga dokumento kasama ng aplikasyon para matiyak ang mas mabilis na pagpoproseso. Kung mapipili ang isang aplikasyon para sa pagsusuri, hihilingin ng tauhan ng SBCS ang anumang nawawalang dokumento na kailangan para sa mga layunin ng pagpapatunay.

- Ang hindi pagsumite ng mga nawawalang dokumento sa panahon ng proseso ng pagsusuri ng aplikasyon ay magreresulta sa pagtanggig ng aplikasyon.

**10) Ang mga dokumento ba ng citizenship ay kailangan para sa programang ito?**

Hindi tinatanong ng aplikasyon ang iyong status ng citizenship

**11) Paano ako aabisuhan kung napili ako o matitingnan ang status ng aking aplikasyon?**

Bibiyang ka ng abiso kung napili ka o hindi sa pamamagitan ng mga mensahe sa email at/o text. Para sa iyong kaginhawaan, maaaring tingnan ang status ng aplikasyon sa online 24 na oras/7 araw sa isang linggo.

- Ipapadala ang notification para sa mga matagumpay na pagsusumite ng aplikasyon. Dahil pinoproseso ng SBCS ang mga aplikasyon batay sa ipinag-utos na pamantayan sa prayoridad (tingnan ang pang-23 Tanong), maaaring wala kang matanggap na sagot tungkol sa status ng iyong aplikasyon hangga't maabot ang

iyong grupo sa prayoridad.

**12) Magkano na tulong sa pag-upa ang maaaring maging kwalipikado ako?**

Uunahin ng ERAP ang tulong sa pagbabayad para sa mga nangungupahan na hindi nakakabayad ng upa. Ang tulong pampinansyal para sa lampas na sa panahon ng pagbabayad ng upa ay maaaring simula Abril 2020 at mga sumunod buwan. Maaari ka ring mag-apply para sa lampas na sa panahon ng pagbabayad ng mga utility, at para sa ngayon at susunod na upa, ngunit ipoproceso ng SBCS ang mga kahilingang ito nang magkahiwalay, sa isang hinaharap na oras at kung available pa ang pagpopondo. Maaari ka lang tumanggap ng pinagsamang kabuuang tulong na 15 buwan, anuman ang pinagkaloob na halaga buwan-buwan o uri ng tulong. Dapat mo lang hilingin ang mga buwan kung kailan mo nais na mabigyan ng konsiderasyon.

• **Kung sumasang-ayon ang aking landlord na lumahok sa programa...**

Inaatasan ang SBCS na subukang makuha ang pakikilahok ng landlord. Kung sasang-ayon ang landlord na makilahok sa programa, maaaring makatanggap ang iyong landlord ng hanggang sa 100% ng iyong dapat na bayarang upa mula Abril 2020 at mga sumunod na buwan. Ang mga landlord na piniling makilahok ay kinakailangang makumpleto at pumirma ng kasunduang tanggapin ang tulong bilang bayad nang buo ng utang sa up ana inutang ng nangungupahan. Direktang ibibigay ang pagbabayad sa landlord.

• **Kung hindi sumasang-ayon ang aking landlord na lumahok sa programa...**

Hindi kailangang lumahok ng landlord sa programa. Kung tatangihan ng landlord ang paglahok sa programa, babayaran ng SBCS hanggang 100% ng iyong dapat na bayarang upa mula Abril 2020 at mga sumunod na buwan. Ang pagbabayad para sa iyong upa ay ibibigay nang direkta sa iyo bilang nangungupahan. Responsibilidad mong ibigay ang pagbabayad sa landlord para matiyak na protektado ka sa ilalim ng programa ng proteksyon sa pagpapalayas ng Estado. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programang ito, mangyaring bisitahin ang website ng Housing is Key (Mahalaga ang Pabahay) sa <https://landlordtenant.dre.ca.gov/>.

- Kung ibinigay ang pagbabayad nang direkta sa iyo, responsibilidad mong ibayad ang ipinagkaloob na tulong sa iyong landlord/tagapamahala ng ararian sa loob ng 15 araw ng negosyo simula nang matanggap ang mga pondo.

**13) Kung may kasama ako sa kuwarto, maaari ba kaming mag-apply pareho?**

Isa lang na aplikasyon kada bahay ang tatanggapin.

**14) Maaari ba akong maging kwalipikado sa pang-emergency na tulong sa pag-upa kung nakatanggap akong tulong para sa aking pag-upa, gaya ng Seksyon 8, tulong para sa mabilisang titirahan, o tulong sa pag-upa mula sa mga ahensya na hindi kumikita?**

Oo, ang pagtanggap ng ibang uri ng tulong sa pag-upa gawa ng Seksyon 8 ay hindi ka dinidiskwalipika mula sa pagtanggap ng tulong. Gayunpaman, hindi maaaring doblehin ng programang ito ang mga benepisyo, kaya ang tulong ay magiging available lang para sa bahagi ng upa o mga utility na hindi pa nababayaran ng iba pang uri ng tulong.

- 15) **Maaari ba akong maging kwalipikado para sa pang-emergency na tulong sa pag-upa kung mayroon akong kasamang pumirma (co-signer)/nagbibigay garantiya (guarantor) o kung ako ay nagsa-sublease? Paano kung ako ay umuupa mula sa isang miyembro ng pamilya?**  
Oo, mga cosigner, guarantor, sublease, at mga kasunduan sa pag-upa ng kapamilya ay pinapayagan sa ilalim ng ERAP. Gayunpaman, maaaring kailanganin ang mga karagdagang pagpapatunay para matukoy ang pagiging karapat-dapat at ang halaga ng tulong.
- 16) **Kailangan ko ba ang impormasyon para makontak ng aking landlord kapag mag-aapply ako?**  
Oo, dapat mayroon ka ng pangalan at telepono o email address ng iyong landlord sa panahon ng aplikasyon. Mapapabilis ang pagproseso ng tulong kapag isinama ang email address sa pag-aapply.
- 17) **Dapat ko bang sabihin sa aking landlord na nag-aapply ako para sa programang ito?**  
Maaaring mapadali ang proseso at mapabilis ang mga timeline kapag sinabi mo sa iyong landlord na nag-aapply ka para sa Programang Pang-emergency na Tulong sa Pag-upa, dahil makikipag-ugnayan rin sa kanilang SBCS.
- 18) **Kung napili akong makatanggap ng tulong, kailangan ko bang bayaran ito pabalik?**  
Hindi, hindi kinakailangang bayaran pabalik ng nangungupahan ang tulong. Ito ay isang bigay para mapanatili mo ang iyong bahay, pirming nakabahay, at maiwasan na mapalayas ka dahil sa hindi pagbabayad ng upa o mga utility.
- 19) **Kung ako ay nangungupahan sa renta na pang-komersyo, kwalipikado ba ko?**  
Tinutulungan lang ng programa ang mga karapat-dapat na aplikante sa tulong para sa pag-upa ng bahay hindi ang renta na pang-komersyo.
- 20) **Magagawa bang mag-aapply ang mga landlord sa ngalan ng nangungupahan?**  
Maaaring mag-aapply ang mga landlord sa ngalan ng nangungupahan, ngunit kinakailangang magkasamang pipirma ang nangungupahan, at dapat pa ring mai-upload ang mga kinakailangang dokumento. Maaaring gawin ng nangungupahan ang magkasamang pagpirma sa pamamagitan ng portal para sa pag-aapply o sa pamamagitan ng mga nakasulat na komunikasyon mula sa nangungupahan (kabilang ang electronic) na kinikilala ang aplikasyon na ibinigay ng landlord.
- 21) **Kung dati na akong naaprubahan para sa o nakatanggap ng iba pang pang-emergency na tulong sa pag-upa, karapat-dapat ba akong makatanggap ng karagdagang tulong?**  
Kung nakatanggap ka ng tulong sa pamamagitan ng nakaraang programa, sa pamamagitan ng SBCS man o ibang entity, maaari ka pa ring mag-aapply sa programang ito. Makakapag-aapply ang mga aplikante para sa anumang natitirang atraso (arrears) mula sa panahong pinapayagan (Abril 2020 at sumunod na mga buwan). Anumang atraso, hindi buong nabayaranang upa, o mga utility na nabayaran/nasakop na ng mga nakaraang programa ay hindi papayagan.
- 22) **Kailan ko maasahang maproseso ang aking aplikasyon at maibigay ang pagbabayad kung maaaprubahan?**

Susuriin ang mga aplikasyon batay sa basehang kung sino ang nauna, siya ang unang paglilingkuran, at may prayoridad na ibibigay sa lubos na mababa ang kita at mga sambahayang walang trabaho (tingnan ang pang-23 Tanong sa ibaba). Nakasalalay kung saan nabibilang ang iyong aplikasyon sa mga kategoryang ito ng prayoridad, maaaring tuamgal ng ilang linggo o mas mahaba mula sa oras na nag-apply ka at kung kailan ka kinontak ng SBCS.

Nakasalalay rin ang pagpoproseso ng iyong aplikasyon sa mga sumusunod at maaaring mas tumagal bago makumpleto ang pagsusuri at magbigay ng desisyon:

- Kung hindi mo ibibigay ang lahat ng pansuportang dokumento o kailangan ng mga karagdagang pagpapatunay.
- Kahilingan at pagtugon para sa impormasyon mula sa iyong landlord.

Kapag naaprubahan na ang aplikasyon, maaaring tumagal ng ilang dagdag na linggo para maibigay ang pagbabayad sa landlord.

Magagawang tingnan ng mga aplikante at landlord ang status ng aplikasyon sa online na portal kung saan sila nag-apply at makakatanggap ng sulat sa buong proseso mula sa SBCS.

Pangkalahatang ipoproseso ang tulong sa pagbabayad ng utility kasabay ng tulong sa pag-upa. Sa sandalling natukoy na ang pagiging karapat-dapat at natanggap na ang lahat ng kinakailanga dokumento sa utility, direktang ibibigay ang pagbabayad sa tagapagbigay ng utility na nasa pangalan ng aplikante.

### 23) Paano binibigyan ng prayoridad ang mga aplikasyon?

Kasama sa Inutos na Pagbibigay ng Prayoridad ng Pederal at Estado ang:

- Kita ng sambahayan sa o mas mababa sa 50% ng Gitnang Kita sa Lugar (Area Median Income) (AMI)

Laki ng Sambahayan (Household Size)	1	2	3	4	5	6
50% AMI*	\$ 42,450	\$ 48,500	\$ 54,550	\$ 60,600	\$ 65,450	\$ 70,300

\* Ang mga limitasyon sa kita ng San Diego ay epektibo mula Abril 1, 2021

- Ang isa o higit pang miyembro ng sambahayan ay walang trabaho hanggang sa araw ng aplikasyon para sa tulong at walang trabaho sa loob ng 90 araw mula sa petsa ng aplikasyon (ang kita ng sambahayan ay hindi dapat mas mataas sa 80% AMI)
- Ang mga aplikante na may lampas na sa panahon ng pagbabayad ng upa ay makakatanggap ng prayoridad sa tulong para mapagbuti ang mga sambahayan. Ang mga aplikante na humihiling lang ng tulong sa utility at/o kasalukuya/darating na tulong sa pag-upa ay tutulungan kapag lahat ng lampas na sa panahon ng pagbabayad ng upa ay natulungan na.

**24) Kung mayroon akong mga katanungan, sino ang kokontakin ko?**

Nakipagtulungan ang Lungsod ng Chula Vista sa SBCS, isang lokal na non-profit (hindi kumikita), para suriin ang mga aplikasyon at direktang magbigay ng mga pagbabayad sa mga landlord. Mangyaring makipag-ugnayan sa SBCS sa mga sumusunod:

SBCS

(Mga Wikang Sinasalita: English, Spanish,  
Tagalog)

(619) 271-1805

430 F St, Chula Vista, CA 91910 (sa appointment lang)

Ang proyektong ito ay sinusuportahan, nang buo o bahagya, ng mga numero ng pagkakaloob ng pederal (federal award numbers) ERA0131, ERAE0061, ERAE0307 na ipinagkaloob sa Lungsod ng Chula Vista ng U.S. Department of the Treasury.